Pangalan: ______________________________

Pangkat: ______________________________

**FILIPINO 2**
**Worksheet #1**

**Quarter 2**

**A. Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon at piliin ang angkop na hinuha.**

1. Inutasan si Trining ng kanyang nanay para bumili sa tindahan. Inabot sa kanya ang pera at agad na lumabas. Habang naglalakad papuntang tindahan bigla siyang bumalik sa bahay at nagtanong kay nanay. Bakit kaya siya bumalik?

Baka tinamad na siyang bumili sa tindahan.

Baka nalimutan niya ang kaniyang bibilhin sa tindahan.

Baka naiwan niya ang kaniyang pitaka.

2. Ibinilin ng nanay ni PJ na itabi ang kanyang baong pera sa bulsa, ngunit hindi ito sinunod ni PJ. Ano kaya ang maaaring mangyari?

Siguro naubos na ang kaniyang pera.

Siguro dadami ang kanyang pera sa bulsa.

Siguro mawawala ang kaniyang pera.

3. Tuwang tuwang nagtatalon sa kama si Glaiza, hindi niya napansin na nasa dulo na siya ng kama. Ano kaya ang maaaring mangyari sa kanya?

Marahil, mahuhulog siya sa sahig.

Marahil, sasaluhin siya ng kaniyang anghel.

Marahil, siya ay makakalipad pabalik sa kama.

LIVEWORKSHEETS

4. Nakalimutan takpan ni Lana ang ulam sa mesa. Nakita niya na bawas ang pritong isda sa plato at may nahulog na kapirasong isda sa sahig. Bakit kaya nabawasan ang ulam nila?

Baka kumain ulit si Lana.

Baka nabasag ang plato sa lamesa.

Baka kinain ito ng alagang pusa nila.

5. Nakalimutan itapon ni Kara ang *expired* na tinapay. Nakita ito ng kanyang kapatid at kinain ito. Ano ang maaaring mangyari sa kanyang kapatid?

Siguro maaaring sumakit ang tiyan ng kanyang kapatid.

Siguro lulusog ang kanyang kapatid.

Siguro magugutom pa ang kaniyang kapatid.

**B. Panuto: Bigkasin nang wasto ang sumusunod na salita. Pantigin ang mga salita sa ikalawang hanay. Isulat ang bilang ng pantig sa ikatlong hanay. Gawing gabay ang unang halimbawa**

| **Salita** | **Pagpapantig** | **Bilang ng Pagkakabigkas** |
|---|---|---|
| Halimbawa: lumangoy | lu-ma-ngoy | 3 |
| pamumuhay | | |
| sumobra | | |
| alupihan | | |
| nauhaw | | |
| trumpeta | | |

©Ma'amJereza

LIVEWORKSHEETS